

Aralin 8 – Responsibilidad sa Komunidad

Nais kong ipakilala sa inyo ang aking kaibigang si Mang Arnold. Nakilala ko siya sa dati naming tinitirhan sa Barangay Bagong Pag-asa. Si Mang Arnold ang siya ngayong tumatayong Purok Leader ng aming kalye na kinaroroonan ng dati naming tirahan. Road 13 ang tawag sa kalyeng ito. Bagay na bagay ang numero trese sa naturang kalye sapagkat dati itong kilabot at kinatatakutan - ngunit di na ngayon. Salamat kay Mang Arnold.

Nuong mga nakaraang taon, madalas ang holdap, nakawan, kikilan at frat war sa aming kalye. Katunayan, ilan sa aking mga naging bisita ay nabiktima ng holdap, snatching at pambabastos nang sila ay patungo sa amin. Makailang beses din na sumubok si Mang Arnold na i-organisa ang mga *home-owners* sa aming kalye ngunit di siya makakuha ng suporta. Subalit isang umaga, sa aming pag-gising, nagulantang ang lahat sa kalye Road 13 nang bumulaga sa amin ang aming mga sasakyan na pawang wala nang mga *side mirror*. Lahat ng sasakyan na nakaparada sa Road 13 ay natanggalan ng *side mirror*, walang nakaligtas kahit isa.

Sinamantala ni Mang Arnold ang pagkakataon. Muli siya’y nakiusap na i-organisa ang aming kalye, at ang lahat ay sumang-ayon. Ilang taon na rin ang nakalipas matapos ang insidenteng iyon. At mula nuon, ang kalye Road 13 ang pinaka ligtas, pinaka malinis at isa sa pinaka progresong kalye sa aming barangay. Salamat sa pamumuno ni Mang Arnold.

Bawat isa sa atin ay may responsibilidad sa komunidad. Katulad sa Road 13, di kakayanin ng isang Mang Arnold lamang na pangalagaan ang aming seguridad sa komunidad. Kinakailangan ang pakikipagtulungan ng bawat mamamayan .

Inutusan tayo ng Diyos na maging asin at ilaw ng sanlibutan. Ang ating alat ay malalalahan at ang ating liwanag ay makikita kung tayo ay magiging responsableng mamamayan ng ating komunidad. Ang Biblia ay nagbigay ng magandang paliwanag patungkol rito sa ikalawang kapitolo ng aklat ni Santiago:

“Halimbawa ang isang kapatid ay walang maisuot at walang makain sa araw-araw, at ang isa sa inyo ay nagsabi sa kanya, ‘Pagpalain ka ng Diyos; magbihis ka at mabusog,’ ngunit hindi naman ninyo ibinigay ang mga kailangan ng kanyang katawan, anong pakinabang niyon? Gayundin naman , ang pananampalatayang walang kalakip na gawa ay patay” (t.15-16 FSV)

Kung kaya nga’t nagpayo si San Juan, *“Mga anak, magmahal tayo, hindi lamang sa pamamagitan ng salita o kaya’y ng dila, kundi sa pamamagitan ng gawa at ng katotohanan” (1 Juan 3:18 FSV).*

Ating gawin ang ating responsibilidad sa ating komunidad. Ito ang gawa ng tunay na nananampalataya kay Hesu Kristo.

Pagbulay-bulayan at Gawin

1. Ano-ano ang pangangailangan ng iyong komunidad? Paano ka tumutugon sa pangangailangang ito?

2. Ano ang iyong maaaring gawin upang makita ng iyong komunidad ang ilaw ng iyong pananampalataya sa pamamagitan ng iyong mga gawa?
3. Ipanalangin ang iyong komunidad.
4. Humiling sa Diyos ng gabay kung ano ang maaari mong magawa para sa iyong komunidad.